ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# PERSPEKTIBO NG MGA GURO SA LIKOD NG PABAGO-BAGONG TUNTUNIN NG ORTOGRAPIYANG FILIPINO

**Christian D. Sison[1]**

[1]ORCID No. 0009-0007-7351-7771

*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19787**
**DOI No: 10.36713/epra19787**

## ABSTRAK

*Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay matuklasan at galugarin ang karanasan at pananaw ng mga Guro sa Likod ng Pabago-bagong Tuntunin ng Ortograpiyang Filipino. Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng kwalitatibong disenyo at batay sa pitong partisipante na mga Guro sa Filipino na nagtuturo sa Kolehiyo at Pribadong paaralan ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST), Kapalong College of Technology (KCTI), Inc at Maryknoll High School. Ginamit ang metodong triangulation sa pamamagitan ng pagsaalang-alang ng pinalalim na pahayag (in-depth interview). Ang resulta ng pananaliksik na ito ay napapangkat sa dalawang katanungan: una, ang karanasan ng mga guro sa likod ng pabago-bagong tuntunin ng ortograpiyang Filipino, nakapaloob dito ang tatlong pangunahing tema: Kalituhan sa pagpapatupad ng mga tuntunin, kakulangan ng mga libro at kagamitan, at magkaibang pinagbabasehan sa pagtuturo. Pangalawa, pananaw ng mga guro sa likod ng pabago-bagong tuntunin ng ortograpiyang Filipino. Napaloob dito ang tatlong pangunahing tema: paglaanan ng oras sa pag-aaral, magkaroon ng sapat na kagamitang panturo, at pagiging bukas ang loob sa mga pagbabago.*

**MGA SUSING SALITA:** Guro sa Filipino, pabago-bagong tuntunin, ortograpiyang filipino, kwalitatibo, Pilipinas

## INTRODUKSYON

Ang Ortograpiya ng Wika o Gabay sa Panitikan ay naglalaman ng mga tuntunin sa wastong pagsulat sa Filipino. Ang mga alituntuning ito ay batay sa mga kasalukuyang uso sa paggamit ng lokal na wika at mga napagkasunduang alituntunin na nagreresulta mula sa mga forum at konsultasyon sa mga isyu sa pagbabaybay.

Ang pagpapalaganap ng mga standardized graphemes o nakasulat na mga simbolo pati na rin ang mga tuntunin para sa kanilang tamang paggamit at pagbigkas ay ang layunin ng gabay na ito. Ipinapakita rin dito kung paano nagbago ang wikang pambansa at kung paano nagbago ang alpabetong Tagalog.

Sa Tsina, isang pag-aaral ang nagpakita ng malaking hamon na kinahaharap ng mga tagapagturo na nagresulta ng iba't ibang ortograpiya na nilikha o binago gamit ang prinsipyo ng karakter. Bagama't ang mga ortograpiyang ito ay nagiging lipas sa paglipas ng panahon, ang mga itinatag na tradisyong pampanitikan ay madalas na nagiging hadlang sa mga reporma, at sa kalaunan, maaaring magdulot ng diglossia. May naitalang kaso na hinggil sa Yi, na mayroong hanay ng mga tradisyonal na logograpikong ortograpiya na binago sa iba't ibang pamamaraan. Bukod dito, upang maunawaan ang mga pagkakaiba sa iba't ibang ortograpiya gamit ang magkatulad na mga diskarte sa pagsusuri, kinakailangan itong isagawa upang matukoy ang mga hakbang na dapat gawin (Landerl et al., 2019).

Sa Pilipinas, partikular sa Lungsod ng Leyte, lumitaw sa isang pag-aaral na bago pa man magkaroon ng kopya ng Ortograpiyang Waray, nahirapan ang mga guro sa Baitang 3 na magturo ng Mother Tongue. Dahil dito, hindi nila maunawaan ng buo ang maraming salitang nakasaad sa kanilang sangguniang modyul, kahit na sila mismo ay katutubong tagapagsalita ng Waray. Kadalasan, naririnig nila ang salitang mga ito mula sa kanilang mga ninuno. Gayunpaman, ang pagtuturo ng Mother Tongue ay nanatiling mahirap dahil sa mga pagbabago sa ortograpiya, partikular sa aspeto ng grapema, pantig, pasulat/pasalitang pagbabaybay, kombinasyon ng katinig, digrapo, at mga bantas (De Mesa, 2022).

Bagamat maraming pag-aaral na naisagawa tungkol sa Ortograpiyang Filipino, kakaunti ang tumutok sa perspektibo ng mga guro hinggil sa pabago-bagong tuntunin nito. May mga kaugnay na literatura at pananaliksik na may kinalaman sa ortograpiya, subalit magkakaiba ang mga tinatalakay na paksa. Halimbawa, sina Bigata at Bunao ay nag-aral ng mga pagbabagong dulot ng Revisyon ng Alfabetong Filipino, na may pagkakatulad sa kasalukuyang pag-aaral. Nananalig ang tagapagsaliksik na may malalim na pag-unawa sa mga pagbabago sa ortograpiyang filipino ay may mahalagang papel upang ito ay maituro nang maayos at maging mas malinaw para sa mga guro. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong tugunan ang mga pangangailangan at problemang kinakaharap ng mga guro kaugnay ng pabago-bagong tuntunin ng ortograpiya. Sa ganitong paraan, inaasahang makabuo ng epektibong solusyon

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

at pamamaraan para masolusyonan ang mga hamon at mapabuti ang pagtuturo ng Ortograpiyang Filipino.

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang layunin ng pag-aaral na ito na tuklasin ang mga pananaw atkaranasan ng mga guro hinggil sa pagbabagong ortograpiya sa Filipino. Bukod pa rito, ang layunin ng mga mananaliksik ay matukoy kung anong mga problema ang lumitaw bilang resulta ng mga pagbabago ng tuntunin.

**Mga Tanong ng Pananaliksik**

1. Ano-ano ang karanasan ng mga guro sa pabago-bagong tuntunin ng ortograpiyang Filipino?
2. Ano ang pananaw ng mga guro sa pabago-bagong tuntunin ng ortograpiyang Filipino?

## METODO

### Disenyo

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng kwalitatibong disenyo, na nakabatay sa pagsusuri ng mga pananaw at karanasan ng mga guro. Layunin ng pananaliksik na maipaliwanag ang partikular na aspeto ng karanasan sa bisa ng pakikipanayam at iba pang husay na pamamaraan tulad ng pagmamasid ng kalahok. Ang ganitong disenyo ay nagbibigay-diin ang pag-unawa sa mga pananaw at interpretasyon ng mga kalahok, na mahalaga upang makuha ang kanilang personal na karanasan at opinyon sa paksa.

Ang kwalitatibong pamamaraan ay nakabatay sa pananaliksik ng pananaw mula sa indibidwal, gamit ang mga personal na kaalaman bilang pundasyon ng pagsusuri. Ayon kay Lester (1999), ang ganitong uri ng pananaliksik ay makapangyarihan sa pagpapalalim ng pag-intindi sa personal na karanasan, sa pagkilala ng mga motibasyon at kilos ng tao, at sa paghamon sa mga karaniwang pananaw at tradisyunal na kaalaman. Sa pamamagitan nito, masisiguro ang masinsinang pagsusuri ng mga pananaw na mahalaga sa layunin ng pag-aaral.

Gagamitin ng mananaliksik ang disenyong ito kung saan naihayag nang maayos ang mga karanasan sa pagharap ng mga kanilang karanasan at pananaw ng mga guro sa makabagong tuntunin ng Ortograpiyang Filipino. Sa pamamagitan ng hakbang na ito, nakuha ng mananaliksik ang mga persepsyon ng mga partisipanteng guro sa Batsilyer ng Edukasyon mayoryang Filipino hinggil sa kanilang mga karanasan at pananaw sa makabagong tuntunin ng Ortograpiyang Filipino.

Dagdag pa rito, ang gagamitin na desenyo ay ang kwalitatibong pamamaraan ang pananaliksik na ito ay nakasentro sa pag-aanalisa lamang sa nasuri batay sa perspektibo. Ang kwalitatibong pananaliksik ay naglalaman ng mga paglalarawan mula sa obserbasyon at tumutukoy sa mas malalim na pagkaintindi sa mga pag-uugali ng isang tao o pangkat kaugnay ng isang pangdaigdigang isyu. Saklaw din nito ang proseso ng pagtatanong at pangangalap ng datos na isinasaalang-alang ang ang mga detalye tungkol sa mga partisipante (Creswell, 2014).

Ang disenyo ng pananaliksik na ito ay itinuturing na naaangkop dahil layunin nitong unawain at alamin ang mga karanasan ng mga guron kung paano sila nakabangon mula sa mga hamon, ano ang kanilang pananaw, at ano ang kanilang layunin kaugnay ng pabago-bagong tuntunin ng Ortograpiyang Filipino. Ang metodolohiyang ito ay madalas gamitin sa pangangalap ng datos, partikular sa mga panayam at obserbasyon, na mahalaga sa pagkuha ng masinsinang kaalaman batay sa mga guro.

Upang matiyak ang kredibilidad ng kwalitatibong pananaliksik, binigyang-halaga ang katiyakan sa katumpakan ng mga resulta ng pag-aaral. Ayon kina Lincoln at Guba (1985), na binanggit ni Shenton (2004), Katotohanan (para sa kredibilidad), akma (para sa transferability o paglilipat ng konteksto), hindi nagbabago (para sa reliability), at neutralidad ay ang apat na pangunahing pamantayan ng kredibilidad. Upang masigurong matutugunan ang isyu ng kredibilidad, ginamit ang iba't ibang pamamaraan tulad ng triangulasyon, paulit-ulit na pagtatanong, at member checking bilang bahagi ng proseso ng pagpapatunay. Ang trayanggulasyon ay sumasaklaw sa iba't ibang pinagmumulan ng datos, pamamaraan, pananaw ng mga tagapagsuri, at teorya upang mapatunayan at ma-validate natuklasan (Creswell, 2013). Ang detalye na nakalap ay nakolekta sa tulong ng mga detalyadong panayam sa mga partikular na partisipante. Ang proseso ng trayanggulasyon ay gagamitin sa mga nakolektang data upang mapabuti ang mga resulta ng pag-aaral na isinagawa rito. Higit pa rito, titiyakin din ang pagsasagawa ng member checking kasunod ng pagkolekta ng data. Ayon kina Lincoln at Guba (1985), ang pagsusuri sa mga miyembro ay napakahalagang paraan para mapanatili ang kredibilidad ng pananaliksik. Ang paraan na ito ay nagpapahintulot sa mga partisipante na suriin ang kanilang naging tugon upang matiyak na ang mga resulta ay tumpak.

**Pamamaraan sa Pangangalap ng mga Datos**

Ang kwalitatibong pag-aaral ang mga datos na makakalap ang piling mga guro sa institusyong pang-edukasyon ay maaaring hindi gumamit ng mga kwalitatibong pag-aaral. Pinili para sa pag-aaral na iyon ang isang mananaliksik ng populasyon. Ang mga tanong sa pananaliksik ay ginamit upang pumili ng mga partisipante (Creswell, 2013).

Ang pinakaunang gagamitin na hakbang na dapat isinaalang-alang ng mananaliksik ay ang balidasyon na ginamitan ng katangungan. Matapos mabuo ang mga talatanungang ginamit, isinumite ito sa panel ng mga eksperto upang masuri ang katiyakan ng isinasagawang pananaliksik. Kailangan na masunod naman ng mananaliksik ang payo ng mga eksperto sa pagrerebisa hanggang ito ay maaaprubahang gamitin.

Pagkatapos ng balidasyon ay magpapadala ang mananaliksik ng isang liham-pahintulot sa pangulo ng institusyon na si Rodrigo C. Licayan., DBA at ang punong-guro ng KCTI na si Tito L. Benegian, MPSEDE-EM at punong guro ng Marynoll na si Sr. Ma. Joycelyn E. Hagos, OP. Ang tagapangasiwa ng pananaliksik ay magsisilbing tagapamagitan Upang magtagumpay sa proseso ng pagkuha ng pahintulot para sa pagtatapos ng pag-aaral na ito. Kapag naaprubahan, agad nilang kokontakin ang mga tagapagturo upang alamin ng kabuuang bilang na mga respondente batay sa bilang ng mga guro sa institusyon at paaralan.

Bago naiproseso ang pagkalap at paglikom ng mga kasagutan sa mga inilaang katanungan, sisiguraduhin muna ng mananaliksik ang oryentasyon patungkol sa proseso ng pananaliksik at nagbahagi sa informed consent ng mga partisipante sa pananaliksik ng mananaliksik sa pinalalim na panayam. Sa pagsagawa sila ay binigyan ng karapatang umayaw at di magpatuloy na makibahagi sa pananaliksik at sila ay hindi pinilit. Sa pagkalap at paglikom ng mga kasagutan, gumamit ng pinalalim na panayam, nakahanap ang mananaliksik ng pribadong lugar upang panayamin ang 7 ng partisipante na kasali sa pananaliksik. Sila ay isa-isang papanayamin ng mananaliksik at maitala ng maigi ang kanilang mga kasagutan.
Sa parehong proseso ng pinalalim na panayam, gagamit ang mananaliksik ng gabay sa pakikipanayam, naiwasto na ng mga dalubhasa, at nakuha ang mga inaasahang impormasyon mula sa kanilang naging tugon. Ang paggamit ng audio recording at video recording ay isa sa kagamitan na isinaalang-alang ng mananaliksik upang mas higit na maitala ang mga datos ng tama at mahusay. Sinuportahan naman nina Cohen at Crabtree (2006), ang ideyang Ito sa kanilang pahayag sa isang artikulo na ang audio at video recordings ay nagbibigay oportunidad sa mananaliksik na maisalin kung ano ang nangyari sa paligid at paulit-ulit itong pakingan. Ito ay lubhang mahalagang proseso ng pag-analisa ng mga datos na nakuha.

**Paglikom ng mga Datos**
Ang lahat ng nakalap na datos ay maingat na pag-aaralan at susuriin alinsunod sa layunin at pangangailangan ng pananaliksik. Ang pagsusuri ng mga sagot ng kalahok ay isasagawa upang makuha ang mga kinakailangang resulta. Layunin ng pagsusuri ng datos na tukuyin ang mga karaniwang konseptong maaaring makatutulong sa paglutas ng mga suliranin ng pananaliksik. Sa prosesong ito, may mga hakbang na susundin, kabilang ang data coding at tematikong analisis, na inilapat ng mananaliksik para sa pagsusuri ng datos sa pananaliksik (Khan, 2020).

Dagdag pa rito, ang prosesong data coding ay bahagi rin ng kwalitatibong pananaliksik, kung saan itinatala at isinaayos ang mga seksyon ng teksto alinsunod sa mga isyu ng pag-aaral (Khan, 2020). Ang layunin ng coding ay paikliin at ayusin ang datos sa pamamagitan ng klasipikasyon. Ang impormasyong nakolekta ay naisakatuparan sa pakikipagtulungan ng mga pangunahing kalahok sa pagbabalangkas (Khan, 2020).

Itinatala ng mananaliksik ang mga sagot sa isang malinaw at organisadong paraan kasunod ng pagkolekta ng data mula sa mga panayam.

Tutuunan ng pansin ang kahalintulad at kaibahan ng mga tugon ng mga kalahok. Batay sa mga tugon, bubuo ang mananaliksik ng iba't ibang tema na naaayon sa mga layunin ng pag-aaral.

Kasunod nito, gagamit ng tematikong analisis ang mananaliksik. Ang tematikong analisis ay isang epektibong paraan ng pagsasaayos at pagbibigay-kahulugan sa mga paksa (Akinyode, 2018). Sa pamamagitan ng prosesong ito, ilalapat ang klasipikasyon ng datos at lilinawin ang mga temang kaugnay nito. Magbibigay ito ng detalyadong deskripsyon ng datos at magpapaliwanag sa iba't ibang paksa gamit ang interpretasyon (Boyatzis, 1998).
Ang analisis ng datos ay nangangailangan ng pagbabasa sa malawak na bilang ng mga transcript upang matukoy ang mga pagkakatulad at pagkakaiba, makabuo ng mga tema, at lumikha ng mga kategorya. Bukod dito, isinasagawa ang tematikong analisis upang itampok ang mga pangunahing natuklasan at kontribusyon ng bawat artikulo, na kinakailangan ng masusing pagsusuri sa impormasyong nakapaloob sa mga pahayag (Wong, 2008).

Sa huli, ang mga panayam ay isasagawa kasama ang mga pangunahing eksperto, dahil ang pangunahing datos ay nagmumula sa kanilang opinyon, karanasan, estratehiya, at paniniwala (Patton, 2002). Ang diskarte sa sampling ay nakatuon sa pagpili ng mga kalahok na may mahalagang impormasyon mula sa populasyon, upang matukoy ang mga eksperto na makakapagbigay ng mahalagang ambag sa pananaliksik (Flyvbjerg, 2006).

## RESULTA
Ang mga tugon ng mga partisipante ay na-transcribe, na en-code at naisalin sa wikang Filipino at sumailalim sa maingat na proseso ng pagsusuri upang malaman ang katumpakan at kategorya ng mga tema.

Sa bahaging ito makikita ang mga resulta ng pag-aaral na pinatmanubayan ng mga sumusunod na tanong sa pananaliksik:
1.Ang Unang mga katanungan ng pananaliksik: Ano-ano ang karanasan ng mga guro sa pabago-bagong tuntunin ng Ortograpiyang Filipino?

2.Ang Pangalawang mga katanungan sa pananaliksik: Ano-ano ang mga pananaw ng mga guro sa pabago-bagong tuntunin ng Ortograpiyang Filipino?

Ang mga partisipante sa pag-aaral na ito ay ang mga guro sa Filipino at kasalukuyang nagtuturo sa Sekandarya at Kolehiyo ng Municipalidad ng Kapalong. Ang mga partisipante rin ay kasalukuyang naninirahan Munucipalidad ng Kapalong, Davao del Norte. Sa 7 na kalahok na ito, 3 ay mula sa makikita sa Talahanayan 1 na may pito (7) na kalahok sa pinalalim na talayakan. Ang bawat partisipante sa kasagsagan ng panayam ay gumagamit ng ngalang sagisagna naaayon sa ideya ni Bernal (2004).

**Talahanayan 1**
**Mga Partisipante sa Pag-aaral**

| In-Depth interview (Ngalang Sagisag) | Edad | Kasarian | Baitang na tinuturuan | Code |
|---|---|---|---|---|
| 1. Inday | **25** | **Babae** | **kolehiyo** | IDI-01 |
| 2. Mareng | **28** | **Babae** | **kolehiyo** | IDI-02 |
| 3. Diday | **27** | **Babae** | **kolehiyo** | IDI-03 |
| 4. Baby | **28** | **Babae** | **Sekandarya** | IDI-04 |
| 5. Tin | **30** | **Babae** | **Sekandarya** | IDI-05 |
| 6. Mary | **33** | **Babae** | **Sekandarya** | IDI-06 |
| 7. Linda | **36** | **Babae** | **Sekandarya** | IDI-07 |
| **Total =7** | | | | |

**Pagkategorya ng mga Datos**
Matapos maisagawa ang malalimang pagsusuri sa ginawang katanngan ng mananaliksik ay agad isinagawa ang pakikipanayamsa mga partisipante ng in-depth interview. Nag-umpisa ang pag-aanalisa sa prosesong coding. Ang coding ay isang proseso ng pag-oorganisa ng mga kagamitan sa bahagi o hanay ng mga teksto bago mailabas ang bagong kahulugan ng impormasyon.

Sa pagkategorya ng mga nakalap na datos, ang mga tema ay inilahad sa bawat talatanungan upang ito ay hatiin sa iba't ibang kategorya at makabuo ng sentrong tema. Sumusunod naman sa mga pinakadiwang tema ay ang mga talahanayan na kung napapalooban ng mga pangunahing ideya.

**Unang tanong sa Pananaliksik: Ano-ano ang karanasan ng mga guro sa pabago-bagong tuntunin ng Ortograpiyang Filipino?**
Ang mga pangunahing tema at mga ideya para sa pananaliksik na tanong bilang 1 ay ipinapakita sa Talahanayan 2. Ang mga kalahok ay may mga tugon tungkol sa kanilang mga naging karansan tungkol sa pabago-bagong tuntunin ng Orograpiyang Filipino. Mula sa mga sagot ng mga kalahok, apat (4).

**Talahanayan 2**
**Mga karanasan ng mga guro sa likod ng pabago-bagong tuntunin ng Ortograpiyang Filipino**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Sumusuportang Pahayag |
|---|---|
| **Kalituhan sa Pagpapatupad ng bagong tuntunin** | • Sa aking karanasan sa pagtuturo ng Ortograpiya, madalas akong nahihirapan, lalo na kapag nagtatanong ang mga mag-aaral. Dahil sa pabago-bagong mga tuntunin, nahirapan akong magbigay ng tiyak na sagot. (IDI-02)<br>• Ayon sa aking karanasan sa pagbabago ng tuntunin ng Ortograpiyang Filipino, hindi talaga ito madali, lalo na bilang guro. Madalas akong nalilito, lalo na sa pagtuturo sa mag-aaral, dahil sa mga pagbabagong ito. (IDI-03)<br>• Sa aking karanasan sa pagbabago ng tuntunin ng Ortograpiyang Filipino, naging mahirap at nakakalito ako sa pagsasaayos, dahil hindi ko alam ang nararapaat na hakbang at paano ito harapin sa kabila ng mga bagong tuntunin. (IDI-04)<br>• Sa aking karanasan sa pabago-bagong Ortograpiyang Filipino, mas mahirap ipaliwanag o ilarawan ang tamang baybay ayon sa mga pagbabagong ito. Marami sa mga salitang ginamit ay nagiging mahirap ipaliwanag o ilahad ang tamang baybay. (IDI-05) |
| | • Sa negatibong karanasan, maaaring magdulot ng kalituhan para sa mga mag-aaral at guro. Nagiging sanhi ito ng mga pagkakamali sa pagbigkas at pagsulat, na nangangailangan ng higit pang oras upang maunawaan at maayos na magamit ang mga bagong tuntunin. (IDI-06) |
| **Kakulangan ng mga libro at kagamitan** | • Sa aking karanasan, ang pagbabago sa mga tuntunin ay nagdudulot ng kalituhan, lalo na sa paggamit ng mga lumang aklat na hindi tugma sa makabagong tuntunin. Halimbawa, ang 'ponema' ay minsang tinatawag na 'fonema' at gumagamit ng 'F', ngunit sa bagong ortograpiya, 'P' na ang gamit. Nagiging sanhi ng suliranin ang kakulangan ng mga kasalukuyang sanggunian. (IDI-01)<br>• Sa kadahilanan ng kakulangan ng mga aklat sa silid-aklatan kaya kaming mga guro ay mas nahihirapan sa mga gamit na namin gagamitin ngunit nagsisikap kami na maghanap ng mga libro, papel, at mga impormasyon na magagamit naming para mas mapabilis ang pagkatuto at para din mapadali ko lamang maituro sa aking mga mag-aaral. (IDI-04)<br>• Sa aking maraming taon ng karanasan sa pagtuturo sa Filipino, masasabi kong mayroong maraming kakulangan sa pagbabago ng tuntunin ng ortograpiya, tulad ng mga libro at iba pang sanggunian na kinakailangan para maipatupad ng maayos ang mga bagong tuntunin. Talagang hindi madali ang pagsunod sa mga tuntunin kung walang sapat na materyales na magagamit. (IDI-06) |
| | • Noon, aklat lamang ang pinagbasehan, pero ngayon may internet na tayo, kaya mas madaling ma-access ang impormasyon, sa tulong ng ICT at teknolohiya, mas mainam ang aming karanasan bilang guro sa wika. (IDI-01)<br>• Ang dati naming guro noong nakaraan ay sa mga pinakalumang tuntunin. Ngunit sa pagbabago ngayon, nagbabago na ang mga patakaran. Para sa akin, iba na ang aming karanasan sa pagtuturo ngayon." (IDI-02)<br>• Para sa akin, malaking pagbabago ang nangyari sa kasalukuyang panahon kumpara sa nakaraang taon. |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| **Magkaibang Pinagbabasihan sa Pagtuturo** | Noon, ang mga libro lamang ang aming pinagbabasihan sa pagtuturo, kaya't doon lamang kami kumukuha ng impormasyon. Ngayon, sa kasalukuyang panahon, mayroon na kaming iba't ibang teknolohiya na ginagamit upang higit pang mapalawak ang kaalaman. (IDI-03)<br>• Masasabi kong iba na ang paraan ng pagtuturo ngayon kumpara noon. Dati, binibigyang-diin ang tamang pagbaybay, ngunit ngayon ay mas binibigyang-pansin ang bigkas, kaya nagkakaroon ng kalituhan ang mga kabataan (IDI-04)<br>• Iba noon dahil higit na nakatuon ito sa tradisyonal na mga panuntunan at patakaran. Ngayon, ang aking karanasan sa pagtuturo ay higit na nakatuon sa pagiging masigla at inaangkop sa mga pagbabago ng mga panuntunan, na may maraming pagkakataon para sa paggamit ng makabagong teknolohiya at mga pamamaraan sa pagtuturo ng Ortograpiyang Filipino. (IDI-06) |

**Ang Ikalawang mga Katanungan sa Pananaliksik: Ano-ano ang mga pananaw ng mga guro sa likod ng pabago-bagong tuntunin ng Ortograpiyang Filipino?**

Sa pag-aaral na isinagawa, upang masagot ang mga katanungan na ng mga kalahok batay sa kanilang mga pagkasunod-sunod. Ang pangunahing tema at mga ideya para sa pananaliksik sa bilang 2 ay ipinakita sa Talakayan 3. Mula sa mga sagot ng mga kalahok,tatlo (3) pangunahing lumitaw: 1.) Paglaan ng Oras sa Pag-aaral, 2.) Magkaroon ng Sapat na Kagamitang Panturo, 3.) Pagiging Bukas ang Loob sa mga Pagbabago. Gayunpaman, makikita sa talahanayan 3 maraming nabuong pangunahing tema mula sa mga sumuportang pahayag ng mga guro hinggil sa kanilang mga karanasan sa pagbabago ng tuntunin ng Ortograpiyang Filipino. Ang temang nabuo ay tungkol sa ka mga nararanasan at mga napagdaanan sa pagtuturo.

**Talahanayan 3**
**Ano-ano ang mga Pananaw ng mga Guro sa Likod ng Pabago-bagong Tuntunin ng Ortograpiyang Filipino?**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Sumusuportang Pahayag |
|---|---|
| **Paglaan ng Oras sa Pag-aaral** | • Sa aking pananaw, mahalaga ang masinsinang talakayan ukol sa pagbabago ng ortograpiya para sa mga mag-aaral at guro. Dapat magsagawa ng mga seminar hinggil dito at siguruhin na ang mga aklatan ay may pinakahuling edisyon ng ortograpiya upang magabayan ang mga mag-aaral na nahaharap sa suliranin. (IDI-01)<br>• Sa aking karanasan, mahalaga ang mas malalim na pag-aaral upang mapalawak ang ating kaalaman bilang mga guro. Kailangang bigyang-diin ang ortograpiyang Filipino, sapagkat kung kulang ang ating kaalaman, magiging hamon ito sa pagtuturo sa mga mag-aaral. (IDI-03)<br>• Para sa akin, ginawa ko ay naglaan ako ng mas maraming oras upang maunawaan at mapag-aralang mabuti ang mga bagong tuntunin sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabagong aklat at paggalugad sa internet. (IDI-06)<br>• Sa pamamagitan ng patuloy na pag-aaral at pakikisalamuha sa lipunan, ninanais kong masiguro na ang aking kaalaman sa bagong mga tuntunin ng ortograpiyang Filipino ay laging angkop. Handa akong ibahagi ito sa aking mga mag-aaral at kapwa guro upang mapataas at mapabuti ang aming kaalaman sa Filipino. (IDI-07) |
| **Makaroon ng Sapat na Kagamitang Panturo** | • Iminumungkahi ko sa Kagawaran ng Edukasyon na maglathala ng higit pang mga aklat na naglalaman ng na-update na mga tuntunin ng ortograpiya at isama ito sa kurikulum. Napansin ko na ang pag-aaral ng mga tuntunin ng Filipino ay naiiwan na, at labis tayong nakapokus sa |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| | pangkalahatang nilalaman kaysa sa mga partikular na aspeto, tulad ng ortograpiya. (IDI-01)<br>• Iminumungkahi ko sa Kagawaran ng Edukasyon na magtakda ng malinaw at pangmatagalang mga panuntunan sa ortograpiya na magagamit sa lahat ng panahon at henerasyon upang maiwasan ang kalituhan. (IDI-02)<br>• Nais kong iparating sa Kagawaran ng Edukasyon na nararapat na paigtingin ang asignaturang Filipino at magbigay ng mga opisyal na aklat na magbibigay ng gabay sa mga guro upang mapalawig ang kaalaman ng mga mag-aaral, dahil napapansin kong hindi pa sila lubos na bihasa sa pagsasalita ng Filipino. (IDI-04)<br>•<br>• Nawa'y magkaroon ng palagiang paglalathala ng mga opisyal na aklat at pagsasanay tungkol sa nagbabagong panuntunan ng ortograpiyang Filipino upang magkaroon kami ng mga guro at mag-aaral ng malinaw na gabay sa tamang paggamit ng ating wika. (IDI-06) |
| **Pagiging Bukas ang Loob sa mga Pagbabago** | • Ang pamamaraan na aking isinagawa ay buong puso kong tinanggap ito at masusing pinag-aralan upang makapagbahagi ako ng bagong kaalaman sa aking mga mag-aaral na nakabatay sa mga bagong tuntunin. (IDI-04)<br>• Isang mahalagang aral na aking napagtanto |

| | |
|---|---|
| | mula sa pagbabago ng ortograpiyang Filipino ay ang pagiging mapanuri at bukas sa mga pagbabagong ito. Nabatid ko na ang wika ay isang dinamiko at buhay na aspeto na patuloy na nagbabago at umaangkop sa mga pangangailangan ng lipunan. (IDI-05)<br>• Isa sa aking mga karanasang may makabuluhang aral ay ang pagiging handa at bukas sa mga pagbabago at ang patuloy na pag-unlad ng ating wika. Hindi natin maiiwasan ang mga pagbabago, lalo na sa wika; sa halip na tanggihan ang mga ito, mahalagang maging handa tayong tanggapin ang mga bagong tuntuning naipatupad. (IDI-06)<br>• Ang aral na maaaring makuha mula sa aking mga karanasan ay ang kahalagahan ng bukas na pagtanggap sa mga pagbabago sa ating wika at pagsubaybay sa mga epekto nito. Hindi ito limitado sa mga nagbabagong panuntunan, kundi pati na rin sa kahandaan na harapin ang mga hamon na dulot ng mga pagbabagong ito. (IDI-07) |

## DISKUSYON

Ang paksa ng pag-aaral na ito ay pinamagatan na "Perspektibo ng mga guro sa likod ng pabago-bagong tuntunin ng Ortograpiyang Filipino na malinaw na nagpapakita sa mga naging karanasan ng mga guro sa likod ng pabago-bagong tuntunin ng Ortograpiyang Filipino. May dalawang pangunahing tanong naman itong sinunod na siyang sinagutan ng mga kalahok. Ito ay ang mga sumusunod: 1. Ano-ano ang karanasan ng mga guro sa pabago-bagong tuntunin ng Ortograpiyang Filipino? na siyang unang tinanong sa mga kalahok base kung ano ang kanilang mga karanasan sa pabago-bagong tuntunin ng Ortograpiyang Filipino, 2. Ano-ano ang mga pananaw ng mga guro sa pabago-bagong tuntunin ng

Ortograpiyang Filipino? na siyang tinugunan din ng mga kalahok base sa kanilang perspektibo sa pabago-bagong tuntunin ng Ortograpiyang Filipino.

Nagbahagi rin sila ng kanilang mga motibasyon at impresyon sa kanilang kapwa guro at maging sa Kagawaran ng Edukasyon tungkol sa pabago-bagong tuntunin ng Ortograpiyang Filipino. Sa katunayan, maraming silang inihalad na mga iminungkahi para sa kanilang mga kapwa guro na nahihirapan sa pagpapatupad ng mga bagong tuntunin lalo na kung hindi na nila gaanong napagalaman na nagbabago na ang mga tuntunin ng ortograpiyang filipino.

**Karanasan nga mga Guro sa Likod ng Pabago-bagong Tuntunin ng Ortograpiyang Filipino.** Mula sa nakalap na mga datos sa pakikinayam. Nagawang buohin ng mananaliksik ang tatlo (3) na mga mahahalagang tema na naglalarawan sa karanasan ng mga guro sa likod ng pabago-bagong tuntunin ng Ortograpiyang Filipino. Sa nabuong tema ay nagpapakita sa karanasan ng guro sa kanilang mga napagdaanan hinggil sa pagbabago ng tuntunin. Sa kanilang ibinahagi na kasagutan ay may iba-iba silang naging tugon, Ang unang tema na lumabas ay ang pagkakakroon ng **kalituhan sa pagpapatupad ng bagong tuntunin** na kadalasan ay nalilito sila sa mga bagay na maaaring gawin tungkol sa mga tuntunin na kailangan sundin at ipatupad. Ang pahayag naman ng ibang kalahok ay wala silang eksaktong maibibigay na sagot sa kanilang mga mag-aaral dahil nalilito at nahihirapan sila sa mga pagbabago na ginawa at ipinatupad. May nagsabi rin na isa sa mga kalahok na hindi madali ang pagpaptupad ng mga bagong tuntunin sapagkat sila ay nalilito kung ano ang kanilang eksaktong ituturo sa kanilang mag-aaral.

Ang kalituhan sa pagpapatupad ng mga tuntunin ng ortograpiyang filipino ay isang hamon sa mga guro na kanilang patuloy na kinakaharap, katulad nalang ng pagkakaiba ang kanilang mga sinasabi at pagpapakahulugan sa mga bagay ay maaaring makaapekto ito sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang mga danas na nabanggit ay may malaking epekto ito lalong lalo na sa Sistema ng ating edukasyon. Kahit may mga bagong danas na umusbong sa panahon ngayon ng pag-aaral, ang mga ito ay nangangailangan ng bagong lumang pamamaran sa pagtuturo (Dy 2020).

Ayon sa isang pag-aaral, pinagsikapan ng mga guro na paunlarin ang kanilang kakayahan upang makaangkop sa bagong sistema ng edukasyon. Ginawa nila ito sa pamamagitan ng paglahok sa mga webinar na nauugnay sa pagpapabuti ng kanilang itinuturong asignatura. Gayunpaman, isa sa mga hamon na kanilang hinarap ay ang mahinang koneksyon sa internet, na apektado ng kanilang lokasyong heograpikal, tulad ng iniulat sa pag-aaral nina Mohalik at Poddar (2020).

Ayon sa kanyang pagsasaliksin na may mapapansin siya sa mga pahayag ng mga guro ang ilang mahahalagang obserbasyon tungkol sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika. Hindi talaga maiiwasan ang pagkakaroon ng kalituhan sa proseso ng pagkatuto ortograpiya at sa wika, lalo na sa aspeto ng gramatika, dahil ang estruktura ng mga wikain sa pilipinas ay makabuluhang naiiba kung ikukumpara sa wikang Ingles. Ito ay nagpapakita ng hamon na kinahaharap ng mga guro at mag-aaral sa pag-unawa at paggamit ng iba't ibang wika, kung saan ang epektibong estratehiya sa pagtuturo ay kinakailangan upang mapanatili ang kalidad ng pagkatuto (Hunahunan 2019).

Ang ikalawang tema ng pag-aaral na ito ay nagsiwalat ng **kakulangan ng mga libro at kagamitan.** Mula sa pananaliksik na ito ay naglalahad ang mga karanasan ng mga guro. Ipinapakita nito ang mga pangangailangan ng mga kagamitan sa pagtuturo dahil ito ay nagbibigay ng mga sanggunian at kasangkapan na makakatulong sa mga guro upang madali nilang maihatig ang mga mahahalagang kaalaman at impormasyon sa mga mag-aaral. Bukod pa rito, ang mga libro ay maaaring magsilbing gabay sa paghahanda ng mga guro sa kanilang leksyon at mga aktibidad. Subalit, mahalaga rin na ang mga libro o mga kagamitan ay angkop sa antas ng pang-unawa at interes ng mag-aaral.

Base sa kanilang isinagawa na pananaliksik ay nakitaan na bukod sa tensyon, nararanasan ng mga mag-aaral ang kakulangan ng kagamitan at kakulangan ng kaalaman tungkol sa online na pag-aaral (Handel et al. 2020).

Ang kakulangan sa mga libro at iba pang kagamitan sa pagtuturo at pag-unlad ng akademiko ng mga mag-aaral. Isiniwalat ng mga guro sa kanilang nilahokan na seminar ay nadismaya sila sa performans ng kanilang mga mag-aaral dahil sa kakulangan ng mga libro at mga kagamitan. Ang mga aklat ay isa sa mga pangunahing pinagkukunan ng kaalaman dahil naglalaman ito detalye na may kasamang mga ebidensya na dumaan sa tamang mga proseso. Nagkaroon din ng pananaliksik na isinagawa si Ferrer (2019) na naglahad na kung papaano naapektuhan ang kaalamang bokabularyo dahil sa mga kakulangan ng aklat.

Isa sa mga kakulangan ay ang kakulangan ng mga aklat na naglalaman ng mga bagong impormasyon at kaalaman. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga paaralan pang-akademiko upang siguruhin na ang mag-aaral ay magkakaroon ng tiyak na kasanayan kaugnay sa kanilang mga napiling propesyon.

Mayroon isinagawang pag-aaral na kaugnay sa kakulangan ng mga libro o akdang pampanitikan na gagamitin sana sa pagtuturo ng wika at pantikan. Isa sa mga Ayon sa isinagawang pananaliksik na nagimbestiga sa kakulangan ng mga aklat at akdang pampanitikan sa pagtuturo ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan doon sa Norway (Gabrielasen, et al. 2019).

Pangatlong tema sa pagsusuri na ito ay ibinahagi ang **Magkaibang pinagbabasehan sa pagtuturo**. Sa pagtuturo ng mga guro, ang pangunahing pinagbabasehan nila ay iba-iba at hindi magkapareho ang kanilang mga pinagbabasehan sa pagtuturo. Kalimitan na nakaugat sa mga pamantayan at kurikulum na itinakda ng paaralan o maging sa institusyon. Sa ibang banda, ang pagtuturo mula sa iba;t ibang pinagkukunan, tulad ng mga libro, at mga ibang sanggunian, ang perspektiba at pumapayag sa pagsusuri na personalidad. Ang kaakibat nito ay

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

maaaring maglaman ng mas magbigay o maging komplikado sa pamamagitan ng ibang pananaw at pamamaraan ng pagtuturo. Gayun paman, maaaring magdulot ito ng pagkukulang sa pagkakaroon ng direksyon at gabay mula sa isang guro.

Ayon sa kanilang meta-analysis, sinuri nila ang epekto ng iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo sa saloobin at motibasyon ng mga mag-aaral sa sekundaryang antas, partikular sa asignaturang kemistri. Nakita nila na ang mga magkaibang pamamaraan ay may ibang epekto sa mga mag-aaral, na nagdulot ng hindi pagkakaunawaan sa mga konsepto. Mahalaga ang kanilang pag-aaral sa pag-unawa kung paano maaaring maimpluwensyahan ng mga pamamaraan ng pagtuturo ang pagkatuto ng mga mag-aaral (Sugano at Mamolo 2021).

Ayon kay Cardoza (2020) sa kanyang isinagawa ng isang komprehensibong pag-aaral na tumutok sa mga pagkatuto sa wika at literasiya. Sa kanyang pananaliksik, isinagawa niya ang pagsusuri sa mga pagkakaiba sa mga pamamaraan ng pagtuturo, kasama ang mga tradisyunal at makabagong diskarte, at ang epekto nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Natuklasan niya na ang hindi pagkakaintindihan sa mga diskarte sa pagtuturo, kabilang ang kakulangan sa pagsasanay ng mga guro at hindi angkop na materyales, ay nagdudulot ng mga hadlang sa epektibong pagkatuto. Ipinakita ng kanyang mga resulta na ang mga mag-aaral na nahaharap sa hindi maliwanag na mga estratehiya ay nagiging hindi tiyak sa kanilang kakayahan sa wika, na nagreresulta sa mababang antas ng literasiya. Bukod dito, ang kanyang pag-aaral ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng pagtutok sa pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral at ang pangangailangan para sa mas nakatutok at inklusibong mga diskarte sa pagtuturo na angkop sa kanilang mga pangangailangan.

Ayon sa pananaliksik na isinagawa nina Johnson at Chen (2022), inilarawan ng kanilang pag-aaral ang mga hamon at suliraning dulot ng differentiated instruction sa mga mag-aaral, na nagresulta sa mga hindi pagkakaunawaan sa mga pangunahing paksa. Ang mga hamon na ito ay maaaring mag-ugat sa hindi pagkakaintindihan ng mga estudyante sa mga nilalaman o estratehiyang ginamit ng guro, na nagdudulot ng pagkalito at maling interpretasyon sa mga aralin. Bukod dito, tungkol sa pag-aaral na ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga aktibidad at ang pagkakaroon ng malinaw na komunikasyon mula sa guro ay napakahalaga upang maiwasan ang mga pagkakamaling ito

Pang-apat na tema sana ito ay nagpapakita sa **Paglaan ng oras sa pag-aaral.** Ipinapakita ng mga kalahok ang kahalagahan sa paglaan ng oras para mapag-aralan ng masinsinan ang kanilang mga itatalakay sa kanilang mag-aaral. Ito ay pagtuklas sa bawat pagkakataon upang mabigyan ng kahulugan at karanasan. Ito rin ay pagkakataon na makabuo ng interaskyon ng guro at mag-aaral sa pagtuturo. Sa tulong ng paglaan ng oras nang maingat, ang guro ay nagbibigay daan sa mas malalim nap ag-unawa at pagpapaunlad ng mga mag-aaral

Ayon naman kay Santiago (2020) ang kasanayan ito ang magpapadala sa kanilang mga maraming kaalaman at magbigay sa kanila ng respito.
Dagdag pa, Ayon ni Spiro sa pag-aaral ng (Course Hero, Inc., 2021) Ang pagbibigay-halaga sa oras para sa pag-aaral, partikular sa pagbabasa, ay isang masalimuot at interaktibong proseso. Sa prosesong ito, ang teksto ay sinusuri sa ibang pang antas, mula sa pinaka simple na bahagi nito, tulad ng bawat letra, hanggang sa kabuuang kahulugan nito. Sa prosesong ito, ang mambabasa ay kinakailangang maglaan ng sapat na oras upang makuha ang tamang pang-unawa at mapalalim ang kaalaman mula sa teksto. Kaya sa naging resulta ng pananaliksik ay mahalagang mapagtuonan ang pag-aaral ng mga bagay upang mas madali at mas malinaw ang iyong pagtatalakay sa iyong ma-adapt itatalakay sa iyong klase.

Ang pag-aaral na isinagawa nina Olamo et al. (2019) ay nagpapahiwatig na ang karamihan sa mga tagapagturo ay nagbibigay ng sapat na oras at epektibong gumagamit ng mga inirekomendang diskarte sa pagtuturo.

Ginagawa ito sa tulong ng wastong estratehiya sa pagtatasa ng kaalaman ng estudyante at sa pagbibigay ng gabay at suporta sa mga estudyante. Gayunpaman, may ilang instruktor na hindi binibigyan ng sapat na pansin ang pagpapatupad ito, na parang walang malasakit at hindi inuukit ang kahalagahan ng pagkatuto ng mga estudyante.

Ang ikalimang tema sa pag-aaral naisinagawa ay ng **Magkaroon ng sapat na kagamitang panturo**. Ang sapat na kagamitang panturo ay hindi lamang ito isang materyales sa pagtuturo kundi it ay ang isang pangunahinh sangkap sa pagtatamo ng kalidad sa ating edukasyon ito din ay nagdudulot ng positibong epekto, nagbibigay ng pagkaiba-iba sa estratehiya sa pagtuturo at naghahanda sa nga guro sa hinaharap.

May kaugnayan ito sa isinagawang pananalik ni Colendra at Carada (2023) na gumamit ng gamification tools upang mapag-unlad ang pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Nakita sa pag-aaral na isang mabisang kasangkapan ang interaktibong laro o gamification sa Worldwall Raptivity at Classpoint sa pag-una ng mga mag-aaral sa tekstong kanilang binasa.

Alinsunod sa ginawang pagsusuri ni Liwanag (2021), sa kanyang pag-aaral gumamit si Liwanag ng ng isang estratehiyang Tabletop Game na ISABUHAY sa pagtuturo ng wika. Sa pag-aaral na ito kanyang ng isang laro ang pagtuturo ng wika, Batay sa naging resulta ng pananaliksik nakakalikha ng isang empowered learner ang estratehiyang naisagawa batay sa game-based learning. Marami ng pag-aaral na nagpapatunay na isa sa mabisang estratehiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral ang mga laro. Mas humahaba ang atensyon at nagiging makabuluhan ang pag-aaral kung iba't ibang estratehiya at kagamitang pampagtuturo ang ginagamit ng guro sa kanyang pagtuturo.

Ang paggamit ng laro bilang isa sa mga kagamitan ginagamit ng guro sa pagpapalawig ng kaalaman ay makakatulong upang sa lalong mabalis at mapalawak ang kanilang kaalaman. Sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

isinagawang pag-aaral (E-Games Salitalino sa Pagpapalawak ng Bokabularyo sa Filipino) nagkaroon ng makabuluhang ugnayan ang paggamit ng E-games sa pagapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral (Danielle Serrano, 2022).

Lumabas sa isang pag-aaral na upang mataya at mapaghambing ang mga kagamitang teknolohiya na ginamit sa pagtuturo,antas ng kasanayan ng mga guro sa paggamit ng teknolohiya at mga salik na nakakaapekto sa guro sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ay gagamit ang mga mananaliksik ng pormulang ginamit ni Banhon (2020). Tumutalakay ito sa kanyang ginamit na pamamaraan upang magkaroon ng kaukulang kagamitan ang guro sa pagtuturo.

Naibahagi rin nila Pelila et.al, (2022) sa kanilang pananaliksik na pinamamagatang factors and barriers influencing technology integration in the classroom ang may malaking ambag sa integrasyong panteknolohiya sa loob ng pagtuturo ng isang guro sa sild-aralan. Kaya mahalagang magkaroon ng sapat na kagamitan ang mga guro sa kanyang pagtuturo sa paaralan.

Ang panghuling tema sa pag-aaral na ito ay **Pagiging bukas sa loob sa mga pagbabago.** Isang mahalagang aspeto ng pagpapalaganap at pag-pabuti sa ating wika. Sa bisa ng pagtanggap at pag-adapt sa mga bagong tuntunin, nagsilbing patunay ito ng pagiging bukas sa loob sa mga pagbabago na maaaring mapagdaanan. Sa pamamagitan ng pantaguyod sa mga pagbabagong ito, makakabuo tayo ng isang mas dinamikong wika na tunay na sumasailalim sa makabangong kalagayan ng ating Lipunan.

Ayon naman sa pag-aaral na isinagawa ni Santiago (2020) na laging itinuturo sa mga guro na yakapin ang pagbabago at habang yakap-yakap ang pagbabagong ito, hindi naman nagbabago ang mga benepisyo at karanasang sadlak habang nagtuturo.

Ito ay nagbibigay daan sa paglinang sa epektibong balangkas ng pagsulat at pagpapahayag. Sa pamamagitan ng pagiging bukas sa loob ay nagkakaroon tayo ng pagkakataon na masunod ang mga pagbabago ng tuntunin ng Ortograpiyang Filipino at ang mga nagaganap sa ating Lipunan, mapapanatili ang mga kaayusan at kahusayan sa paggamit ng wikang Filipino. bukod dito ang pagiging bukas sa mga pagbabago ay nagpapakita na ang mga guro ay madali lang makapa-angkop at bukas ang isipan sa mga bagong kaalaman at ang patuloy na pag-angkop sa mga bagong karansan at kaalaman.

Dagdag pa ni Gannaban (2020) ang wikang Filipino ang wika ng komunikasyon sa buong bansa. Ito ay isa sa mga naging tulay upang magkaroon tayo ng ugnayan sa bawat isa kahit man na sa ibang panig tayo ng bansa. Ipinapakita nito ang tamang paggamit sa pagbaybay ay naglalayong palakasin ang ugnayan at pagkakaisa ng mga mamayan sa iba't ibang bahagi ng mundo, ang paggamit ng Ortograpiyang Filipino ay nagbibigay ng estruktura at organisasyon sa pagpapahayag ng kaisipan at mensahe.

Sa pag-aaral na kanyang isingawa ay tinalakay ang kahalagahan ng pakikinig sa proseso ng pagkatuto, na may kaugnayan sa mga pagbabagong ortograpikal. Binibigyang-diin nito ang pangangailangan para sa mga guro na maging bukas sa mga pagbabagong ito upang mapabuti ang kanilang pagtuturo at makapagbigay ng mas epektibong komunikasyon sa kanilang mga mag-aaral (Gadon 2021).

Ayon sa kanyang pag-aaral na Tackling the Fear of Writing" ang artikulong ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagsulat at ng pagiging bukas sa mga pagbabago sa ortograpiya. Binibigyang-diin nito ang mga kinakailangang pagbabago sa pagbuo ng sulatin na nakabatay sa mga bagong alituntunin ng Ortograpiyang Pambansa (Cabigao 2020).

**Implikasyon sa Pagtuturo ng Wika**

Ang resulta ng pananaliksik na ito tungkol sa karanasan ng mga guro sa likod ng pabago-bagong tuntunin ng Ortograpiyang Filipino sa CHED ay nagbibigay daan ito para mas mapalalim ang pag-unawa sa mga pangangailangan ng mga guro sa kanilang pagtuturo. Ito rin ay naglalatag ng mga pagkakataon para sa CHED na matugunan at mabigyan ng mga solusyon o maging mga program ana naangkop at makabuluhan para sa mga guro sa Filipino. Upang mas mapabuti ang kanilang pagtuturo sa kanilang mga mag-aaral, mahalagang mabigyang sapat na panahon at pondo para sa kanilang pagpapa-unlad sa kanilang pagtuturo sa bagong tuntunin ng Ortograpiyang Filipino. Sa kabilang dako, ay magkaroon ng mga seminar o mga programa para mapagtuonan ng pansin ang mga bagay na kailangan pang mas mapagbutihan. Dagdag pa rito, sa tulong ng hakbang na ito upang maging preperado ang mga guro sa pagpapatupad ng mga tuntunin at kung magbabago man ang tuntunin ay nauunawaan na nila alinsunod sa mga dapat na gawin.

Sa pag-aaral ng mga karanasan ng mga guro sa Filipino ay maaring gamitin ang mga proseso na makakatulong sa paglutas ng mga problem ana pinagdadaanan ng mga guro. Ang mga natuklasan mula sa pananaliksik ay maaaring magsilbing pundasyon sa pagbuo ng mga programa o seminar na naglalayong mapabuti ang antas ng edukasyon sa mga estudyante sa asignaturang Filipino. Upang sa ganoon ay mas mapalawig pa ang kaalaman sapagkat mahalagang mag karoon ng sapat na suporta at pagpapabuti ng kanilang pagtuturo. Ang paglaan ng mga pagsasanay o mga programa ay mahalaga sa prosesong ito sa kanilang pagtuturo. Sa paraan nayan ay magkakaroon ng mas malalim nap ag-unawa ng mga guro sa Filipino na maaari nilang dalahin at ituro sa kanilang mga mag-aaral at para din mas maging epektibong guro sila na mayroong kakayanan magbahagi ng kaalaman at mga pamamaraan na makatutulong sa pagtamo ng kaalamn ng mga mag-aaral.

Sa isang pag-aaral na isinigawa ay natuklasan na makatanggap ng pakinabang ang Institusyon ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST), Pribadong Paaralan ng Kapalong College Technology Inc. (KCTI) at Maryknoll. Nailalahad ang mga problemang nakapaloob sa Guro sa Filipino tungkol sa kalituhan sa pagpapatupad ng pagbabago sa tuntunin ng Ortograpiyang Filipino at kakulangan

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

ng mga libro at mga kagamitan. Maaaring magpatupad ang institusyon at probadong paaralan ng mga programa at pagsasanay na makakatulong sa ating mga guro para hindi na mahirapan silang ipatupad ang mga tuntunin na iyon. Makakatulong ito sa kanilang pag-aaral ng masinsinan upang mas maunawaan ang mga bagong tuntunin, maaaring sa pamamagitan ng mga webinar na talakayin kung ano ang mga kailangan at unang gawin para hindi malito ang maaaring matuto na gagamitan sa kanilang pagtuturo.

Ang pagsisyasat na ito tungkol sa pananaw at karanasan ng mga guro na may malalim na pahiwatig na kanilang napagdaanan. Ito ay nagbibigay daan para mas mapalawig at matutukan ng mas masiisinan ang ating wika na ginagamit hindi lang ginagamit kundi atin ding ipapahalagahan. Ang mga karanasan ng mga guro na maaaring kapulutan ng aral na magbibigay ito ng daan para mapabuti pa ang mga tuntunin. Ipinapakita dito, na mahalagang mabigyan ng kasagutan ang kanilang hinaing sa kanilang napagdaanan tungkol sa mga pagbabago na nangyayari sa ating wika pati sa ating mundo.

Ang pananaliksik na ito ay nagresulta ng mga hinaing at mga suhestiyon ng mga guro sa likod ng pagbabago. Ito din ay magbibigay na malaking pakinabang sa mga guro upang maresulba ang kanilang mga probelma na napagdadaanan sa mga araw na sila ay nahihirapan sa pagtuturo sa Asignaturang Filipino.

**Implikasyon sa Pananaliksik sa Hinaharap**

Ang pinalalim na panayam (in-depth interview) ay nagpapakita ng mga pangkalahatang-ideya na kung paaano hinarap ng mga guro ang mga saan sa pagbabago ng tuntunin. Ang karanasan at pananaw ng guro ay dapat matugunan sa pamamagitan ng karagdagang mananaliksik.

Sa isinagawang pag-aaral na ito ay unti-unti ng nakikitaan ng mga problema ang mga guro sa pagtuturo ng Asignaturang Filipino. Dagdag pa sa kanilang pasanin ay ang kanilang hamon na mga kinakaharap hindi lang sa mga tuntunin kundi sa pang araw-araw na buhay ng mga guro na kanilang ibinahagi sa panayaw na isinagawa.

Bilang mananaliksik ng pag-aaral na ito, palagi kung isinasaalang-alang ang kanilang pamamaraan sa pagkaya ng mga suliranin na kinakaharap, Dahil sila ay nabubuhay bilang malayang indibidwal, may kakayahan sila na piliin ang pamamaraan na makakatulong sa pag-unlad at patuloy na pagtuturo sa Asignaturang Filipino lalong-lalo na sa Ortograpiyang Filipino. Sa isinagawa na pananaliksik ang mga kalahok ay binigyan ko sila ng pagkakataong maihayag ang kanilang mga karanasan, pananaw o kanilang saloobin upang mas maibsan ang pinagdadaanan at kinakaharap na mga problema.

**Panapos na Pahayag**

Sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito ay hindi talaga madali sapagkat may mga bagay na maaaring hindi maiwasan na mangyari katulad na lamang ng pagkabigo ng mga guro sa pagpapatupad ng tuntunin. Isa sa mga hamon na kinakaharap ng mananaliksik ang kwalitatibong pananaliksik, ngunit naging makabuluhan ang paglalakbay at pagtuklas sa iba't ibang karanasan, pananaw, mungkahi o saloobin ng mga guro na kung saan ay nararamdaman ng mananaliksik ang kanilang mga hinaing at saloobin na kanilang ipinahayag sa kanilang pagtuturo at pagpapatupad ng bagong tuntunin ng ortograpiyang Filipino.

Sa konklusyon, ipinakita ng pananaliksik na ang kalahok ay may iba't ibang karanasan na pinagdadaanan, katulad na lamang ng kalituhan sa pagpapatupad ng mga tuntunin, kakulangan ng mga libro at kagamitan, Magkaibang Pinagbabasihan sa Pagtuturo. Bilang karagdagan, ang mga kalahok ay gumamit ng mga pamamaraan ng pagkaya, tulad nalang ng paghahanap ng mga bagong aklat at paghahanap ng mga sanggunian sa internet at pakikilahok sa mga programa na tumatalakay tungkol sa mga tuntunin. Higit pa rito,ang mga kalahok ay nagbahagi ng kanilang mga pananaw tungkol sa isinagawang pag-aaral, pagpapalaganap ng mga bagong kaalaman, pagpapabuti sa kalidad ng edukasyon at pagpapahalaga sa ating wika.

Sa isinagawang pag-aaral ay nagpapakita na ang mga Guro sa Filipino ay naobserbahan ang kanilang pananaw na makabuluhan sa pagpapabuti ng asignaturang kanilang tinuturuan.

Gayunpaman, nakakaramdam din sila ng mga kahirapan at mga hamon sa pagpapaliwang sa kanilang mga mag-aaral tungkol sa pagbabago ng tuntunin nagiging hindi madali ito sa kanila hindi nila alama ang tungkol sa pagbabago ng tuntunin.

Kakulangan mgakagamitan at mga pagsasanay ay nakakaapekto ito sa kanilang pagtuturo at ang pagbibigay ng mga kaalaman sa kanilang mag-aaral. Sa kabila ng mga hamon na kanilang napagdaanan ay kinilala paron nila ang kanilang sinumpaan na trabaho at pagpapahalaga sa kanilang itinuturo na magkaroon ng angkop na kaalaman at kasanayan makapagbigay ng mga impormasyon na makakatulong sa pag-unlad.

Bilang isang mag-aaral, kahit anong mga pagsubok na mararanasan ay palaging pipiliing magpatuloy para sa pangarap na malapit nang makamtan. Naging mahirap man ang mga pagsubok na napagdadaanan at hindi magiging hadalng ito sa pagkamit at pag-abot sa mga pangarap. Sa bawat pagsubok na ating mapagdadaanan ay manalangin tayo na patuloy tayong gabayan para makamit natin ang ating mga inaasam. Dahil sa bawat kabiguan na ating mararanasan ay may matutunan tayo na mga aral. Ang mga hamon ang karanasan man ay palaging nilalampasan sa pamamagitan ng patuloy na manalangin na gabayan sa buhay na aking tatahalin. Palaging pakakatandaan na hind isa lahat ng oras ay nasa ibaba tayo mararating din ang panahon na tayo naman ay magpuunyagi sa ating mga nakampatan. Sa pagitan ng mga hamon na napagdadaan ay may solusyon na nakalaan, Dahil sa lahat ng mga hamon ay may nilaa ang ating panginoon na mga solusyon dahil pinapatatag tayo sa bawat hamon na ating mapagdadaanan. Walang imposibli sa taong mapagkumbaba at masipag. Sa hamon man iyong mapagdadaanan ay wag mawalan ng pag-asa dahil parati

ang panginoon na gabayan tayo sa ating mga gagawin at mga plano sa ating buhay. Ang tagumpay ay hindi lamang nakukuha sa talent o katalinuhan, kundi sa walang hanggang pagtitiyaga at pananalig sa sariling kakayahan, huwag kalimutang bigyan ng halaga ang bawat aralin at karanasan. Ang bawat natutunan ay kayamanang hindi mananakaw ninuman. Manatiling masigasig sa pag-abot ng ating mithiin. Lagi nating pakatandaan na ang kaalaman ay kapangyarihan na magbubukas ng maraming oportunidad.

## TALASANGGUNIAN

1. *Akamatsu, N. (2003). The effects of first language orthographic features on second language reading in text. Language Learning, 53, 207–31.*
2. *Akinyode, B. F. (2017). Factors of Affordability in Housing in the City of Ibadan, Nigeria.*
3. *Banahon, Mari M. L. (2020) Kahusayan ng mga guro sa pagtuturo ng filipino gamitAng teknolohiya.*
4. *Baraceros, E.L. (2016). "Practical Research 1". Rex Bookstore.*
5. *Barberos, M. T., Gozalo, A., & Padayogdog. E. (2018). The effect of the teacher's teaching style on students' motivation action research research nyu steinhardt Retrieved on April 13. 2018.*
6. *Bricki, N. and Green, J. (2007) A Guide to Using Qualitative Research Methodology.*
7. *Bostrello, J. (2018). Mga Paraan ng Paglinang ng Bokabolaryo ng mga Magaaral sa Ikapitong Baitang ng Argawanon Integrated School, taong panuruan 2018.*
8. *Cabigao, J. R. (2012). Saloobin at Mungkahing Pagbabago sa Nilalaman ng 2009 Gabay sa Ortograpiyang Manual Filipino (Perception and Proposed Change on the Content of the 2009 of Orthography in Filipino).*
9. *Cabigao, J. R. (2016). Teachers' Organizational Commitment and Its Correlation on Instructional Competence.OrganizationalCommitment_and_Its_Correlation_on_Instructional_Competence.*
10. *Cabigao, J. R. (2021). Pagbuo at Balidasyon ng Isang Mungkahing Modelong Rubrik sa Pagmamarka ng Mga Sulatin sa Antas Graduwado (Development and Validation of A Proposed Model Rubric in Rating Written Outputs at the Graduate School Level).*
11. *Course Hero, Inc. (2021). May apat na antas ang kategorya ayon kay Smith 1969.*
12. *Cohen, D. and Crabtree, B. (2006) Qualitative Research Guidelines Project.*
13. *Connelly, et al, (2013) Mga pamamaraan sa pagganap tunkol sa sapat na kakayahan.*
14. *Creswell, J.W. (2012). Qualitative inquiry and research design choosing among for approaches (3 ed P472). SAGE Publications, Inc.*
15. *Creswell, J.W. (2013). Qualitative inquiry and research design choosing among for approaches (3rd ed).*
16. *Creswell, J.W. (2014). Research design qualitative, quantitative,and mixed methods approaches (2nd ed).*
17. *De Mesa, A. (2022). Mga karanasan ng mga guro sa baitang 3 sa pagtuturo ng mother tongue gamit ang Ortograpiyang Waray ng Komisyon sa Wikang Filipino.*
18. *Dy, J.L. (2020), Nobyembre 30). Ginabayang Paglalapat Tungo sa Nakapag-iisang Paglilipat sa Pamantayang Pagganap.*
19. *Ferrer, C. (2019). Epekto ng Kaalamang Bokabularyo sa Interes sa Pagbabasa ng mga Akdang Panitikang Filipino ng mga Mag-aaral.*
20. *Flavell, J. H. (1971). Stage-related properties of cognitive development. Cognitive Psychology, 2(4), 421–453.*
21. *Flyvbjerg, B. (2006) Five misunderstandings about case-study. Research Qualitative Inquiry. 12 (2) pp: 219 – 245. ng Filipino. Tomo 6 bilang 2. Philippine E-Journals.*
22. *Ganabban, M.F. (2020). Mga Teorya sa Gramatikaat Wika, Salalayan sa Pagtuturi ng Filipino. Tomo 6 bilang 2. Philippine E-Journals.*
23. *Korstjens, I. and Moser, A. (2018) Series: Practical Guidance to Qualitative Research. Part 4: Trustworthiness and Gannaban, M. F. (2020). Mga Teorya sa Gramatika at Wika. Salalayan sa Pagtuturo Publishing. European Journal of General Practice, 24, 120-124.*
24. *Lakandupil C. et.al. Komunikasyon sa Akademikong Filipino. Jimczyville Publications, 2012Gico, E. T. (2013). Mga isyu at suliranin sa ortograpiyang Kinaray-a (Unpublished Master's thesis).*
25. *Lincoln, Y.S. & Guba, E. G. (1985). Naturalistic inquiry.*
26. *Magsambol, B. (2020). FAST FACTS: DepEd's Distance Learning. Pasig, PH:*
27. *Marasigan, L. Castillo, G., Suizo, C: (2019), Katutubong Salita: Tuon sa Kasanayang Komunikatibo.*
28. *Marbella, Feliza, et al (2019), kabisaan ng Strategic Intervention Material (SIM) sa Pagsulat sa Filipino 7.*
29. *Maree, Kobus & van der Westhuizen, Carol (2007). Planning a research proposal. In Kobus Maree (Ed.), First steps in research (pp.24-46). Pretoria: Van Schaik.*
30. *Mocling, A. (2018). Reversing the Effect of Text Messaging on the Spelling Proficiency Through Spelling Module.*
31. *Mohalik, P. R., & Poddar, S. (2020). Effectiveness of webinars and online workshops during the COVID-19 Pandemic.*
32. *Patton. M. Q. (2002). Qualitative research and evaluation methods (3rd ed.). Thousand Oaks, CA:*
33. *Reyno, D. (2018). Ang Kahalagahan ng Pagtuturo ng Wikang Filipino sa mga Bata. Ateneo De Manila University.*
34. *Santiago, (2020), Ang Pagtuturo ng Apat na Marktong kasanayan.*
35. *Senapati(2012)https://www.scribd.com/document/401591621/.*
36. *Sheeba, S. (2018). Teaching Writing:Issues and challenges.*
37. *Shenton (2004). Strategies for ensuring trustworthiness in qualitative research projects. Division Information and Communication Studies.*
38. *Virola, R.I. (2019). Free education in the Philippines: A con- tinuing saga.*
39. *Ypon. J. B. (2020). Lawak ng Pagkatuto ng Mag-aaral Kaugnay sa Paggamit ng Differentiated Instruksyon. Unibersidad ng Foundation.*